



**New Jersey Economic Development Authority (Awtoridad sa
Pagpapaunlad ng Ekonomiya ng New Jersey)
Eksperimental na Programang Gawad na Pondo para sa Pamumuhunan sa Kalunsuran
*ABISO SA PAGKAKAROON NG PONDO***

Sisimulan ng New Jersey Economic Development Authority (“NJEDA” o “Authority”) ang pagtanggap ng mga aplikasyon para sa eksperimental na Urban Investment Fund Grant Program (Programang Gawad na Pondo para sa Pamumuhunan sa Kalunsuran o “Programa”) sa May 22, 2024 sa ganap na 10:00am EST. Kailangang isumite ang mga aplikasyon hanggang Setyembre 23, 2024 sa ganap na 5:00pm. Maa-access ang aplikasyon sa: [Urban Investment Fund Grant Program - NJEDA](#).

Gagawing makukuha ng Programa ang \$38,198,148 sa anim na karapat-dapat na munisipalidad (Camden, New Brunswick, Newark, Passaic, Paterson, at Trenton) upang ipatupad ang istrategiya ng muling pagpapasigla na idinisenyo upang madagdagan ang dami ng mga taong dumadaan at pangkomersyong aktibidad sa loob ng lugar ng pangkomersyong koridor sa pamamagitan ng pagsuporta, pagsasagawa, at pagpokus ng mga karapat-dapat na proyektong nauugnay sa real estate sa loob ng tinukoy na lugar. Isang aplikasyon lamang para sa pagpopondo sa loob ng munisipalidad ang maaaring isumite.

Patuloy na rerepasuhin ang mga aplikasyon sa pagkakumpleto at pagiging karapat-dapat. Walang singil sa aplikasyon para sa programang ito.

Layunin at Pangkalahatang Ideya

Mga layunin ng Programa ang pabilisin at suportahan ang muling pagpapasigla sa mga pangunahing lugar ng pangkomersyong koridor sa pamamagitan ng pamumuhunan sa mga proyektong magbabago sa mga pangkomersyong koridor upang maging masiglang 24-oras na sentrong pangkomersyo at tumugon sa mga nagbabagong kalagayan sa merkado, tulad ng hybrid at remote na trabaho, sa pamamagitan ng pagpopondo ng mga pagpapatakbo at pagpapaunlad na magrerresulta sa pagdami ng mga residente, bumibisita, at/o empleyado sa opisina at upang suportahan ang pamumuhunan sa loob ng mga pangunahing pangkomersyong koridor at magtaguyod ng malakas, matatag, at pantay na pagbangon na pang-ekonomiya. Palalawakin ng Programa ang pamumuhunan sa mga komunidad sa pamamagitan ng pagsusumikap upang mapasigla ang hindi gaanong nagagamit, nasisira na, o bakanteng gusali para sa mga proyekto upang itaguyod ang pantay na paglago ng ekonomiya o pagpapaunlad ng komunidad sa kalunsuran. Pagkilala na maaaring maging limitado ang mga mapagkukunan sa mga nahihirapang munisipalidad, ang Programang ito ay nagbibigay ng karagdagang gawad na suporta para sa pagbangon mula sa mga negatibong epekto sa ekonomiya na may kinalaman sa COVID-19 upang matiyak na ang lokal na komunidad ay may mga kinakailangang mapagkukunan para isagawa ang mga proyekto ng muling pagpapasigla at magkaroon ng pangmatagalang tagumpay.

Ang mga karapat-dapat na munisipalidad/aplikante, gaya ng inilalarawan sa ibaba, ay tutukuyin ang mga pangunahing pangkomersyong lugar ng koridor at magbubuo ng pamamaraang istrategiya ng muling pagpapasigla na idinisenyo upang mapataas ang dami ng mga taong dumadaan at pangkomersyong aktibidad para sa tinukoy na Koridor. Matutukoy ng mga

aplikante ang pinakamababang 2 magkaungay na proyektong gagawin, na kahanay ng pahayag ng kanilang bisyon at karapat-dapat na mga uri/paggamit ng proyekto (Tingnan sa ibaba).

Ang pagpopondo para sa Programa ay ibinibigay ng Batas sa mga Paglalaan ng Pondo ("Batas", Appropriations Act) ni Gobernador Murphy para sa Piskal na Taon 2024 sa pamamagitan ng paglalaan para sa mga Pang-estado at Lokal na Piskal na Pondo para sa Pagbangon para sa Coronavirus ("SLFRF") ng American Rescue Plan ("ARP"). Naglaan ang Batas ng malaking pagpopondo ng Estado sa Authority para sa maraming istrategikong pamumuhunan para sa pagpapaunlad ng ekonomiya upang suportahan ang mga pangunahing industriya, isulong ang ekonomiya ng inobasyon, patuloy na paigtingin ang pagbangon, at isulong ang paglago sa buong estado. Ang mga istrategikong pamumuhunan na ito ay kinabibilangan ng \$50 milyong nakalaan para sa "Pondo ng Pamumuhunan sa Kalusuran", kung saan \$38,198,148 ay para lumikha ng Urban Investment Fund Grant Program. Sa oras na matanggap mula sa Estado, idedeposito ng Authority ang mga pondo sa Economic Recovery Fund (Pondo para sa Pagbangon ng Ekonomiya).

Mga Detalye Hinggil sa Programa

Pagtukoy ng Lugar ng Pangkomersyong Koridor at Istratehiya sa Muling Pagpapasigla

Tutukuyin ng mga karapat-dapat na pasilidad ang pangunahing lugar ng pangkomersyong koridor ("Koridor") para sa muling pagpapasigla. Ang mga Koridor na ito ay nakaranas ng mga negatibong epekto mula sa pandemyang COVID-19 tulad ng pagkawala ng mga taong dumadaan at nabawasang aktibidad na pang-ekonomiya dahil sa mga kalakaran ng pagtatrabaho sa bahay at nadagdagang paggastos sa online na retail. Ang Koridor ay karaniwang nasa isang lokasyon sa downtown at tutukuyin ng Aplikante ang mga hangganan ng Koridor. Sa pinakamababa, ang Koridor ay dapat magkaroon ng aktibong pangkomersyong aktibidad at/o magkaroon ng pagsosona na nagbibigay-daan para sa tamang pangkomersyong paggamit sa unang palapag ng hindi bababa sa 50% ng mga gusali sa tinukoy na Koridor.

Sa oras na matukoy ang Koridor, ang mga karapat-dapat na munisipalidad ay magbubuo ng istrategiya sa muling pagpapasigla para sa pamumuhunan sa Koridor na iyon upang tumulong sa pagpapahupa ng mga pinsala/pagkalugi sa ekonomiya na nagresulta mula sa pandemya at paigtingin ang pagbangon sa pamamagitan ng pagtataguyod ng mga proyekto ng pagpapaunlad ng ekonomiya upang madagdagan ang dami ng mga taong dumadaan at lokal na paggasta sa lugar na iyon ("Istratehiya ng Muling Pagpapasigla"). Ilalarawan ng Istratehiya ng Muling Pagpapasigla ang pampublikong bukas na proseso na isinagawa ng munisipalidad upang tukuyin at malaman ang mga proyekto mula sa mga uri ng karapat-dapat na proyekto (tingnan sa ibaba) para kung saan hihiling sila ng Gawad na pagpopondo para sa Programa. Dapat ding nakasaad sa Istratehiya ng Muling Pagpapasigla ang iba pang mga proyektong maaaring isagawa at/o karagdagang katuwang at stakeholder na kasama sa mga aktibidad na pangkomunidad o pangnegosyo sa tinukoy na pangunahing lugar ng pangkomersyong Koridor.

Gaya ng tinalakay sa ibaba, matutukoy ng mga aplikante ang pinakamababang 2 magkaungay na proyektong gagawin, na kahanay ng pahayag ng kanilang bisyon at karapat-dapat na mga uri/paggamit ng proyekto (gaya ng inilalarawan sa ibaba).

Pagiging Kwalipikado

- Ang mga karapat-dapat na kalahok ay inilalarawan bilang mga munisipalidad na tumutugon sa PAREHO sa mga sumusunod na pamantayan: (Tandaan: hindi kasama ang Atlantic City na tumanggap ng sarili nitong FY 2024 State Budget Appropriation mula sa ARP SLFRF): Nangungunang 5% ng mga munisipalidad batay sa Populasyong Inayos para sa Bumibiyahé (5-Taon na Pagtatantiya sa Amerikanong Sarbey na Pangkomunidad sa 2018-2022)
 - Ito ang "Populasyon sa Araw" na siyang kalkulasyon ng Kabuuang Populasyon ng Residente + Kabuuang Manggagawang Nagtatrabaho sa Lugar – Kabuuang Manggagawang Naninirahan sa Lugar.
- Nangungunang 5% ng mga munisipalidad sa loob ng Munisipal na Inside ng Muling Pagpapasigla (MRI) sa 2023. Ang MRI ay nagsisilbi bilang opisyal na panukat ng Estado at pagraranggo ng munisipal na kahirapan. Niraranggo ng MRI ang mga munisipalidad ng New Jersey alinsunod sa walang magkakahiwalay na tagapagpahiwatig na sumusukat sa iba't ibang aspeto ng mga kondisyong panlipunan, pang-ekonomiya, pisikal, at piskal sa bawat lokalidad. Ginagamit ang MRI bilang salik sa pamamahagi ng mga partikular na pondong "nakabatay sa pangangailangan".

Batay sa mga pamantayan sa itaas, ang mga sumusunod na 6 na munisipalidad ang magiging karapat-dapat mag-apply para sa pagpopondo: Camden, New Brunswick, Newark, Passaic, Paterson, at Trenton.

Isang (1) aplikasyon lamang kada karapat-dapat na munisipalidad ang maaaring isumite gaya ng pinatutunayan ng liham mula sa karapat-dapat na munisipalidad gaya ng inilalarawan sa ibaba. Ang mga karapat-dapat na munisipalidad ay maaaring magtalaga ng munisipal na entidad, entidad ng county, o lokal na not-for-profit na entidad sa pagpapaunlad ng ekonomiya at komunidad para maging aplikante sa ngalan ng munisipalidad. Isang liham mula sa munisipalidad na nagtatalaga ng naturang entidad ang kinakailangan bilang bahagi ng aplikasyon (tingnan sa ibaba para sa mas espesipikong impormasyon).

Mga karagdagang hinihingi sa aplikante:

Kailangang maging nasa mabuting katayuan sa New Jersey Department of Labor and Workforce Development (Kagawaran ng Paggawa at Pagpapaunlad ng Puwersa ng Paggawa) at New Jersey Department of Environmental Protection (Kagawaran ng Proteksyon sa Kapaligiran) sa panahon ng aplikasyon upang maging karapat-dapat. Kailangang ibigay ang kasalukuyang tax clearance certificate bago maaprubahan upang maipakita na ang aplikante ay nasa napakabuting katayuan sa New Jersey Division of Taxation (Dibisyon ng Pagbubuwis), maliban kung hindi kailangan ng aplikante na magparehistro sa Division of Taxation.

Mga Karapat-dapat na Paggamit

Ang Programa ay magbibigay-daan para sa ilang uri ng proyekto at paggamit, gaya ng inilalarawan sa ibaba, (sama-samang tinutukoy bilang "mga Proyekto") na popondohan sa loob ng Koridor bilang bahagi ng munisipal na Istratehiya ng Muling Pagbibigay-sigla. Ang mga aplikante ay **dapat isama ang minimum na dalawang proyekto** mula sa sumusunod na listahan sa kanilang aplikasyon:

- Mga Proyekto ng Rehabilitasyon ng Gusali – rehabilitasyon/renobasyon nasira, hindi na gaanong ginagamit, medyo bakanta, o bakanteng gusali (maaaring kabilangan ng malaki o maliit na rehabilitasyon, muling pagpapatakbo sa bakanteng espasyo, pagtugon sa mga paglabag sa code, rekumpigurasyon ng looban ng gusali/fit out) para magamit bilang gusaling pangkomersyo o mixed-use na may paghihigpit sa kasulatan na kakailanganin para tiyakin ang walang pagbabago sa iminumungkahing paggamit ng proyekto ng limang (5) taon; Pinakamalaking pagpopondo na \$3.5 milyon kada gusali; hindi para sa bagong konstruksyon.
- Mga Pag-aaral sa Muling Paggamit ng Gusali – tulad ng pagsusuri sa pagpapalit ng gusali mula sa pang-opisina patungo sa pangkomersyo o magkahalong paggamit; o pag-aaral sa maiaakmang muling paggamit; o iba pang pagsusuri sa gusali; Hindi maaaring gamitin ang pagpopondo para sa mga pisikal na mga pagpapabuti/gawain ng konstruksyon. Maximum na pagpopondo na \$200,000 kada pag-aaral at maximum na tatlong (3) pag-aaral kada kalahok.
- Mga Pamumuhunan sa Paggamit ng Pampublikong Espasyo – Maaaring ibigay ang pagpopondo para sa permanente o semi-permanenteng mga pisikal na pagpapabuti para sa mga proyektong tulad ng mga parklet, istrakturang pangharang, entablado, kagamitan para sa aktibong paggamit, plaza ng pedestriyan, pocket park; Hindi maaaring magamit ang pagpopondo para sa mga gastos sa programa/pagpapatakbo ng espasyo; ang espasyo/ari-arian ay kailangang maging panlabas na espasyo na pag-aari ng publiko o panlabas na espasyo na ilalim ng kasunduan (kasunduan sa pagpapatakbo, lease, easement, atbp.) na may pampublikong entidad para magamit ng publiko bilang isa sa mga paggamit sa itaas; ang espasyo/ari-arian ay kailangang maging pangunahing maa-access/bukas sa publiko para magamit ng publiko sa karamihan sa oras para sa minimum na limang (5) taon; Pinakamalaking pagpopondo na \$1.5 milyon kada proyekto.

Alinsunod sa mga deadline ng US Treasury at mga pederal na kinakailangan para sa SLFRF, ang lahat ng pondo ng Programa ay kailangang ganap na magasta hanggang Disyembre 31, 2026. Upang matugunan ang mga timeline na ito, inaasahan na ang mga Proyektong kasama sa anumang aplikasyon para sa pagpopondo ng Programa ay ganap na makukumpleto hanggang Setyembre 30, 2026. Kailangang kumpirmahin ng mga aplikante sa aplikasyon na alam nila at sumasang-ayon sila na ang mga iminumungkahing proyekto ng real estado sa kanilang aplikasyon ay maaaring makumpleto hanggang Disyembre 31, 2026.

Ang mga proyektong sinimulan na ang konstruksyon ay hindi karapat-dapat. Hindi maaaring masimulan ang konstruksyon, kabilang ang demolisyon at remedyasyon, hanggang sa maaprubahan. Ang lahat ng proyekto ay sasailalim sa pagsunod sa nananaig na batas sa sahod ng New Jersey at ng Public Works Contractor Registration Act ((N.J.S.A. 34:11-56.48 et seq.), na nag-aatas sa lahat ng contractor, subcontractor o mga subcontractor na nasa mas mababang antas (kabilang ang mga subcontractor na nakalista sa mungkahi para sa bid) na nagbi-bid sa o nakikibahagi sa pagganap sa anumang pampublikong gawain sa New Jersey na magparehistro sa NJ Department of Labor and Workforce Development..

Ang mga Proyekto ng Rehabilitasyon ng Gusali na 100% residensyal ay **hindi karapat-dapat** ngunit ang mga mixed-use na proyekto ng pagpapaunlad ay karapat-dapat at (1) ang anumang

residensyal na bahagi ay kailangang sumunod sa 20% na pagreserba para sa mga sambahayang may mababa at katamtamang kita na iniaatas ng N.J.S.A. 52:27D-329(b); at (2) dapat magkaroon ng hindi bababa sa 20% ng kabuuang talampakang kuwadrado o ang buong unang palapag o buong palapag ng gusali na nakalaan sa pangkomersyo/hindi residensyal na paggamit. **Hindi karapat-dapat ang mga Proyekto ng Rehabilitasyon ng Gusali na para sa mga paggamit na pampamahalaan at pang-edukasyon.**

maaari lamang gamitin ang gawad na pagpopondo ng Programa para sa mga gastos sa proyekto ng real estate na partikular na inaprubahan batay sa aplikasyon, pagrerepaso ng Authority, at kasunduan sa gawad na pagpopondo. Maaaring kasama sa mga gastos sa Proyekto ang mga hard cost sa konstruksyon na may maximum na 10% contingency; mga soft cost na hindi lalampas ng 20% ng kabuuang gastos sa proyekto; at singil ng tagapagpaunlad na hindi lalampas ng 10% ng kabuuang gastos sa proyekto o sa ibang paraan ay pinahihintulutan ng iba pang ahensya ng Estado na nagkakaloob ng pagpopondo sa proyekto. **Ang pagpopondo sa pagkuha ng ari-arian ay hindi karapat-dapat, maging ang mga gastos sa pagpapatakbo.** Ang lahat ng gastos sa Proyekto at Gawad na pagpopondo ay napapailalim sa mga pederal na kinakailangan sa Pagdodoble ng mga Benepisyo at ang pagsusuri sa pagkamakatwiran ng gastos ay isasagawa ng Authority bago maaprubahan ang Proyekto.

Mga Halaga ng Pinansyal na Tulong

Ang **minimum** na gawad na pagpopondo ay \$1,000,000 sa bawat karapat-dapat na munisipalidad. Ang **maximum** gawad na pagpopondo para sa mga karapat-dapat na munisipalidad ay batay sa naaangkop na populasyon na inayos para sa bumibiyahé.:

- Ang maximum na gawad na \$7 milyon ay makukuha ng mga munisipalidad na may populasyon na inayos para sa bumibiyahé na mahigit 100,000.
- Ang maximum na gawad na \$5,732,716 para sa mga munisipalidad na may populasyon na inayos para sa bumibiyahé na wala pang 100,000.

Ang Gawad na pagpopondo ng Programa ay hindi maaaring lumampas ng 80% ng kabuuan ng lahat ng gastos sa proyekto sa loob ng inaprubahang aplikasyon.

Tandaan: Mangyaring tingnan ang seksyon sa Kasunduan sa Gawad na nagbabalangkas ng mga potensyal na pagkilos, kabilang ang muling pagkuha o pagbabayad ng mga Gawad na pondo, na maaaring ipagpursigi ng Authority kung hindi natugunan ang mga timeline ng yugto ng proyekto.

Isang (1) mungkahi sa aplikasyon lamang ang maaaring isumite sa bawat karapat-dapat na munisipalidad.

Ang potensyal na halaga ng gawad ay nakabatay sa kasalukuyang impormasyon tungkol sa pagkakaroon ng pagpopondo. Pinananatili ng NJEDA ang karapatang madagdagan ang dami na iyon at bilang ng mga gawad kung magiging available ang mga karagdagang pondo.

Pagsumite ng Aplikasyon at Proseso ng Pagrerepaso

Ang mga karapat-dapat na munisipalidad na tinukoy sa itaas ay makakapagsumite ng online na aplikasyon na humihingi ng Gawad na pagpopondo sa Programa na hanggang sa maximum na halaga batay sa kategorya ng laki ng populasyon na inayos para sa mga bumibiyahé. *Ito ay*

magpapatuloy na proseso ng aplikasyon para sa gawad, at hindi mapagkumpitensyang minamarkahan. Upang matugunan ang mga kinakailangan sa pagsasapanahon ng paggasta sa pederal na pagpopondo, ang mga karapat-dapat na aplikante ay magkakaroon ng hanggang apat na buwan para magsumite ng aplikasyon. Ang Authority, sa natatanging diskresyon ito, ay maaaring palawigin ang deadline sa pagsusumite ng aplikasyon ng hanggang 2 buwan.

Bilang bahagi ng aplikasyon sa Programa, dapat isaad sa mga aplikasyon para sa Gawad na pagpopondo para sa Programa at ilarawan ang Koridor at ipamalas na mayroong Istratehiya ng Muling Pagpapasigla sa kabuuan para sa Koridor na kahanay ng mga pamantayan ng Programa. Hihiling din ang mga aplikasyon ng gawad na pagpopondo para sa mga partikular na karapat-dapat na Proyekto. Kailangang isama sa online na aplikasyon ang, ngunit hindi limitado sa, sumusunod na impormasyon:

- Salaysay na naglalarawan sa pangunahing lugar ng pangkomersyong koridor – ilarawan ang lugar na mga kalye/hanggan, kailangang maging pangunahing pangkomersyong lugar; ilarawan ang kapitbahayan at nakapaligid na lugar; ipaliwanag kung bakit at paano pinili ang lugar ng pangkomersyong koridor na ito (proseso at/o pangangatwiran); ano ang mga kasalukuyang negatibong epektong pang-ekonomiya na nauugnay sa COVID-19 (mga umiiral na kondisyon ng pagkabakante, nabawasang trapiko, atbp.); paano matutugunan/mapapabuti ang mga negatibong epekto; mga kapakinabangan at pangmatagalang epekto sa lugar at komunidad.
- Kailangan ang paglalarawan at mga detalye ng iminumungkahing istratehiya para sa pangkabuuang muling pagpapasigla ng pangkomersyong koridor kabilang ang kung anong mga uri ng mga proyekto; sinu-sinong stakeholder/partner ang kasama na magpapatupad ng mga proyekto o magiging bahagi sa pangkabuuang pamamaraan upang matugunan ang nabawasang pagdaan ng mga tao at aktibidad na pang-ekonomiya; ilarawan ang mga kapakinabangan sa lugar at sa komunidad para sa pagpapatupad ng istratehiya; prosesong isinagawa upang matukoy at mapagpasyahan kung aling proyekto ang isasama sa aplikasyon para sa gawad ng pagpopondo; magsama ng salaysay sa kung paano matutugunan ng iminumungkahing Istratehiya at mga Proyekto sa Muling Pagpapasigla ang mga epekto ng COVID-19; at kung bakit pinakanaaangkop ang kapital na paggastang ito upang matugunan ang mga pinsala sa ekonomiya na dulot ng COVID-19.
- Pangkabuuang Pinagmumulan ng Badyet sa Aplikasyon at mga Karapat-dapat na Paggamit – isasama rito ang lahat ng Proyektong nasa aplikasyon, isasaad ang mga Gawad na pondong hinihiling kada Proyekto, at tutukuyin ang iba pang mga pinagmumulan ng pagpopondo upang magkaloob ng **minimum na 20% ng kabuuang gastos sa lahat ng proyektong nasa aplikasyon.**
- Timeline ng Pagpapatupad ng Istratehiya – ipinapakita na ang mga pangunahing yugto ay makatwiran para sa (1) pagsisimula ng mga Proyektong isasagawa, (2) pagkuha ng kinakailangang karagdang pagpopondo, (3) pag-unlad ng konstruksyon, at (4) katibayan ng pagkumpleto ng bawat Proyekto bago mag-Setyembre 30, 2026.
(Tandaan na upang matiyak na natutugunan ang mga deadling sa pederal na paggasta, inaasahan na ang lahat ng Proyekto na isasagawa gamit ang Gawad na pagpopondo ay ganap na makukumpleto hanggang Setyembre 30, 2026.)

- Ang karanasan ng aplikante at ang kakayahang ipatupad at pangasiwaan ang pangkalahatang Istratehiya ng Muling Pagpapasigla at subaybayan at tiyakin ang pagkumpleto ng mga iminumungkahing Proyekto.
- Para sa bawat Proyektong popondohan ng mga Gawad na pondo, magbigay ng salaysay hinggil sa proyekto kabilang ang saklaw ng trabahong gagawin/plano para sa rehabilitasyon kung naaangkop; impormasyon sa may-ari at tagapagpaunlad at karanasan kabilang ang mga kinakailangang pagsisiwalat at sertipikasyon; katibayan ng o daan tungo sa lugar ng kontrol; impormasyong nauugnay sa pinansyal na kakayahan tulad ng mga mapagkukuhan at gumagamit ng badyet, katibayan ng o kakayahang kumuha ng iba pang pagpopondo, proforma kung naaangkop; paliwanag ng kung bakit kailangan ang mga gawad na pondong ito; timeline ng pagpapaunlad ng proyekto.
- Kung ang munisipalidad ay nagtatalaga ng munisipal na entidad, entidad ng county, o lokal na not-for-profit na entidad sa pagpapaunlad ng ekonomiya at komunidad na mag-apply sa ngalan nila, isang sulat mula sa munisipalidad (Mayor o kanilang itinalagang empleyado ng munisipalidad) Isasaad din sa liham ang pag-apruba sa aplikasyon at sa mga proyektong nasa aplikasyon.

Rerepasuhin muna ang mga aplikasyon para sa pagkakumpleto ng aplikasyon upang matiyak na ang lahat ng kinakailangang impormasyon at dokumento sa Aplikasyon ay isinumite at nakumpleto. Sa natatanging diskresyon ng Authority, maaaring humingi ng paglililaw ang mga kawani hinggil sa impormasyong kasama sa aplikasyon, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga tugon na salaysay, sumusuportang dokumentasyon, at mga kalakip. Bukod dito, bibigyan ang mga aplikante ng sampung (10) araw ng negosyo para lutasin ang mga kakulangan.

Ang lahat ng aplikasyon ay rerepasuhin ng mga kawani ng Authority para kumpirmahin na ang sapat na impormasyon at mga detalye hinggil sa mga kinakailangang item sa itaas ay kasiyasiyang isinama at naaayon sa Memo ng Lupon ng Programa, gaya ng mga sumusunod:

- Ang pangunahing lugar ng pangkomersyong koridor ay itinalaga at naibigay ang paglalarawan sa mga negatibong epektong pang-ekonomiya na nauugnay sa COVID-19;
- Nakabalangkas sa Pangkabuuang Istratehiya ng Muling Pagpapasigla ang plano para tugunan ang mga negatibong epekto at dagdagan ang dami ng mga taong dumadaan at pang-ekonomiyang aktibidad sa loob ng Koridor;
- Ang mga iminumungkahing Proyekto na isasagawa gamit ang mga Gawad na Pondo ay karapat-dapat gaya ng nakabalangkas dito;
- Ang Aplikante at/o tagapagpaunlad ng Proyekto ay nagbigay ng katibayan ng sapat na kakayahan at karanasang magpatupad ng istratehiya ng muling pagpapasigla at mga Proyekto;
- Ang pinansyal na impormasyon ay nagbigay ng mga katibayan ng pagiging makatwiran ng mga iminumungkahing gastos at kakayahang magbigay o makakuha ng **minimum pantumpas sa 20% ng mga kabuuang gastos sa lahat ng proyektong nasa aplikasyon;**

- Ang mga timeline para ipatupad ang istratehiya at kumpletuhin ang mga iminumungkahing Proyekto ay makatwiran at may katibayan ng pagkumpleto bago mag-Setyembre 30, 2026.

Ang pagsusuri sa pagiging makatuwiran ng gastos ay makukumpleto bago maaprubahan ang anumang Proyekto. Bukod dito, magsasagawa ang Authority ng pagsusuri ng puwang sa pananalapi ng proyekto upang matiyak ang makatwirang kita/balik sa puhunan.

Pagkatapos ng pagsusumite at pagpapasya sa aplikasyon ng mga kawani para sa pagkakumpleto, pagiging karapat-dapat, at pagsunod sa mga kinakailangan sa Programa alinsunod sa mga salik ng pagrerepaso sa itaas para sa mga konsiderasyon sa pagpopondo, ang lahat ng aplikasyon ay ipiprisinta sa Lupon para sa konsiderasyon sa pagpopondo. Upang matiyak na matutugunan ang mga deadline sa pederal na paggasta, ang mga rekomendasyon ng mga kawani sa Lupon para maaprubahan ang mga aplikasyon ay kabibilangan ng mga timeline at mga inaasahang yugto ng pagpapaunlad ng proyekto na tutugunan. Gayundin, isasaad ng Authority na kung hindi natugunan ang mga timeline para sa yugto ng proyekto, ang Authority kung gayon ay maaaring :

- Pahintulutan ang muling paglalaan ng mga Gawad na pondo sa ibang Proyekto; *at/o*
- Bawiin o iatas ang pagbabayad ng mga Gawad na pondo; *at/o*
- Ipaalam na maaaring hindi na maging karapat-dapat ang Aplikante para sa anumang natitirang Gawad na pondo na hindi nagamit.

Pagkatapos ng pag-apruba ng Lupon, maglalabas ang Authority ng liham ng Pag-apruba na naglilista ng mga kinakailangan at timeline para maisumite ang mga kinakailangang dokumento at impormasyon na kailangan upang magpatuloy sa Kasunduan sa Gawad. Ang naturang kinakailangang dokumentasyon ay maaaring kabilangan ng, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod: katibayan ng pagkontrol sa lugar at pagmamay-ari sa lugar para sa bawat Proyekto; mga dokumentong pang-organisasyon at sertipikasyon ng tagapagpaunlad ng Proyekto; mga badyet ng Proyekto; katibayan ng iba pang pagpipinansya; mga yugto at timeline ng pagpapaunlad ng proyekto; impormasyon ng pangkalahatang contractor; at katibayan ng kinakailangang insurance.

Bibigyan ang mga aplikante ng animnapung (60) araw sa kalendaryo, na maaaring mapalawig hanggang sa dagdag na animnapung (60) araw sa kalendaryo ng Authority sa sariling pagpapasya nito, para magsumite ng kinakailangang dokumentasyon. Kung ang inaprubahang Aplikante ay hindi nagsumite ng hiniling na impormasyon sa loob ng ibinigay na timeline, iurong ang pag-apruba ng Authority, at hindi itutuloy ang mga Proyekto.

Kasunduan sa Gawad

Pagkatapos ng pag-apruba ng Lupon at pagkatapos ng kasiya-siyang pagsusumite sa oras ng mga dokumento at kondisyon ng Liham ng Pag-apruba, papasok ang Authority sa Kasunduan sa Gawad ("Kasunduan sa Gawad") sa munisipalidad ng Aplikante. Ang munisipalidad ay magiging responsable sa pagtitiyak ng pagsunod sa lahat ng tuntunin at kondisyon ng aplikasyon, Kasunduan sa Gawad, at mga kinakailangan sa pagpopondo ng Programa. **Walang konstruksyon ang maaaring magsimula sa anumang Proyekto bago ang pagpapatupad ng Kasunduan sa Gawad.**

Isasama sa Kasunduan sa Gawad ang mga paglalarawan sa Koridor at Istratehiya ng Muling Pagpapasigla, na ang bawat hiwalay na Proyekto ay popondohan gamit ang mga Gawad na pondo, mga karapat-dapat na gastos sa Proyekto, ang halaga ng Gawad na pagpopondo, at lahat ng pinansyal na kinakailangan sa programa kabilang ang halaga ng iba pang pagpopondo gaya ng naaangkop.

Ang Kasunduan sa Gawad ay magdedetalye ng mga hinihingi ng estado at pederal na pamahalaan. Ang lahat ng Proyektong pinaunlad/muling pinaunlad gamit ang pagpopondo ng Urban Investment Fund Grant Program ay mapapailalim sa pagsunod sa umiiral na batas sa sahod ng New Jersey at pagsunod sa iba pang mga kinakailangan ng mga pamantayan sa paggawa, pati na rin ang iba pang mga kinakailangan ng estado na maaaring maangkop depende sa mga detalye ng proyekto at mga halaga ng pagpopondo, kabilang ang, New Jersey Executive Order 215 noong 1989 hinggil sa mga Pagtatasa sa Kapaligiran.

Para sa mga proyekto ng Rehabilitasyon ng Gusali, iaatas ng Authority na maghain ang aplikante ng 5-taong paghihigpit sa kasulatan sa ari-arian na gumagamit ng kinakailangang wika sa paghihigpit ng Authority. Ilalabas ang restriksyon sa kasulatan ng Authority pagkatapos ng limang (5) taon mula sa pagsasara ng Proyekto.

Ang Kasunduan sa Gawad ay magdedetalye ng mga timeline at yugto na tutugunan para makumpleto ang bawat Proyekto bilang bahagi ng pangkabuuang Gawad na pagpopondo. Sa natatanging diskresyon ng Authority, maaaring maggawad ang Authority ng timeline o pagpapalawig ng yugto. Isasaad sa Kasunduan sa Gawad na para sumunod sa mga kinakailangan sa pederal na pagpopondo, ang lahat ng Proyekto ay kailangang ganap na makumpleto, at ang lahat ng pondo ay magagasta hanggang Disyembre 31, 2026.

Kung hindi matutugunan ng anumang Proyekto ang mga petsa ng pangunahing yugto, maaaring humiling ang Munisipalidad ng pagbabago sa saklaw ng Proyekto o humiling ng pag-apruba sa alternatibong Proyekto. Ang Authority, sa natatanging diskresyon nito, ay isasaalang-alang ang naturang kahilingan at maaaring aprubahan ang pagbabago sa Proyekto sa ilalim ng itinalagang awtoridad.

Isasaad din sa Kasunduan sa Gawad na kung hindi natugunan ang mga timeline para sa pagtugon sa mga yugto ng proyekto, maaaring i-recapture ng Authority o maaaring iatas ang pagbabayad ng mga Gawad na pondo at/o maaaring hindi na maging karapat-dapat ang Aplikante para sa anumang natitirang gawad na pondo na hindi nagamit.

Idedetalye sa Kasunduan sa Gawad ang proseso ng paglalabas ng pagpopondo.

Paglalabas ng Gawad na Pondo

Pagkatapos maipatupad ang Kasunduan sa Gawad, ilalabas ang mga Gawad na Pondo nang paunti-unti habang nagkakaroon ng mga gastos sa Proyekto at maaaring i-prorate sa iba pang mga pinagmumulan ng pagpopondo, kung naaangkop, kung saan pinananaig ang pamantayan sa pagpapanatili ng konstruksyon ng Authority hanggang sa makumpleto ang proyekto o kaya naman, maaaring ilabas ang mga gawad na pondo sa pakikipagtulungan sa proseso ng paglalabas ng iba pang nagkakaloob ng pondo. Ang mga kahilingan sa paglalabas ng pagpopondo ay kailangang may katibayan ng sumusuportang

dokumentasyon na nagkaroon ng mga gastos, ginampanan ang gawain nang alinsunod sa mga umiiral na hinihinging pagsunod sa pamantayan sa sahod at paggawa, at tinapos ang trabaho nang naaayon sa pag-apruba ng Gawad at mga karapat-dapat na paggamit ng pagpopondo ng Programa.

Magiging responsable ang mga aplikante sa at kinakailangang tiyakin na ang lahat ng kinakailangan sa Kasunduan sa Gawad sa pagitan ng Authority at aplikante ay ipapataw pagkatapos sa mga tagapagpaunlad ng Proyekto sa pamamagitan ng (mga) hiwalay na kasunduan sa pagpopondo sa pagitan ng aplikante at ng mga tagapagpaunlad ng Proyekto.

Mga Singil

Alinsunod sa mga binagong patakaran sa singil ng EDA, walang ipapataw na singil sa aplikasyon.

Mga Karagdagang Kinakailangan at Impormasyon

Makukuha ang komprehensibong impormasyon tungkol sa Urban Investment Fund Grant Program sa

[Urban Investment Fund Grant Program - NJEDA](#)

Ang mga tanong tungkol sa Abiso sa Pagkakaroon ng Pagpopondo ng Programang ito ay dapat isumite sa realestateinfo@njeda.gov.

Napapailalim ang NJEDA sa mga batas ng Pamahalaan ng Estado at Pederal na Pamahalaan kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod na maaaring maapektuhan ang mga kaanib: N.J.S.A. 52:32-60.1, et seq., na pinipigilan ang mga entidad ng pamahalaan ng New Jersey sa ilang pakikipag-areglo sa mga negosyong sangkot sa mga ipinagbabawal na aktibidad sa Belarus o Russia; Pagsunod sa listahan ng “Mga Partikular na Itinalagang National o Pinagbawalang Indibidwal” na ipinahayag ng Office of Foreign Assets Control (OFAC),

<https://sanctionssearch.ofac.treas.gov>; N.J.S.A. 24:6l-49 na nagsasaad na ang mga sumusunod ay hindi karapat-dapat sa karamihan sa mga insentibong pang-ekonomiya ng Estado at lokal na pamahalaan (a) isang indibidwal o entidad na inisyuhan ng lisensyang magpatakbo bilang nagtatani, tagamanupaktura, wholesaler, tagapamahagi, retailer, o serbisyong naghahatid ng cannabis, o taga-empleyo ng tagapangasiwa ng cannabis na sinertipikahan para sa personal na paggamit upang gampanan ang gawain para sa o sa ngalan ng establisimiyento, tagapamahagi, o serbisyo ng paghahatid ng cannabis; at (b) may-ari ng property, developer, o tagapagpatakbo ng proyektong gagamitin, ang kabuuan o bahagi nito, sa pamamagitan ng o upang mapakinabangan ng nagtanim, tagamanupaktura, wholesaler, tagapamahagi, retailer, o serbisyo ng paghahatid ng cannabis, o magpatrabaho sa nangangasiwa sa cannabis na sinertipikahan para sa personal na paggamit upang gampanan ang gawain para sa o sa ngalan ng establisimiyento, tagapamahagi, o serbisyo ng paghahatid ng cannabis; at N.J.S.A. 52:13D-12, at kasunod., na nagbabawal sa isang miyembro ng Lehislatura o isang opisyal o empleyado ng Estado o kanyang mga katuwang o korporasyon kung saan pag-aari o kontrolado ang mahigit 1% ng stock na gawin o ipatupad ang nasa kontrata, kasunduan, pagbebenta, o pagbili ng\$25.00 o higit pa, na ginawa, pinasok, iginawad o ibinigay ng anumang ahensya ng Estado, na may mga partikular na limitadong eksepsyon.